



Ang mga katotohanan:

Tungkol sa pagrereklamo

Ang Komisyon ng Manggagawang Pangkapansanan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission) ay maaaring tumalakay sa iyong mga alalahanin tungkol sa pag-aasal ng isang manggagawang pangkapansanan. Dahil marapat madama ng mga taong may kapansanan na sila ay ligtas.

Tungkol sa aming serbisyo ng pagrereklamo

Ang aming serbisyo ng pagrereklamo ay kumpidensyal at libre, at makukuha ninuman. Kung ikaw ay may mga alalahanin tungkol sa pag-aasal ng isang manggagawang pangkapansanan, kaligtasan o kalidad ng kanyang pagtatrabaho, narito kami para sa iyo.

Kami ay isang bukod-tanging tagapangasiwa dahil kami ay nakatuon sa indibidwal na mga manggagawang pangkapansanan.

Maaari kang magreklamo tungkol sa sinumang manggagawang pangkapansanan sa Victoria

Maaari kang magreklamo tungkol sa sinumang manggagawang pangkapansanan sa Victoria, paano man pinopondohan ang mga serbisyong pangkapansanan o paano man nahirang ang manggagawang pangkapansanan.

Kung hindi mo tiyak kung nais mong magreklamo, hinihikayat ka naming makipag-ugnay sa amin tungkol sa iyong alalahanin.

Kung hindi ka matulungan ng Komisyon, marahil ay maaari pa rin kaming makatulong sa pamamagitan ng pagsangguni at pagdirekta sa iyo sa isang organisasyon na maaaring makatulong upang talakayin ang iyong alalahanin.

Maaari bang magreklamo tungkol sa isang manggagawang pangkapansanan?

Oo, maaaring magreklamo tungkol sa isang manggagawa. Mahalagang malaman ng mga manggagawang pangkapansanan kung ikaw ay hindi nasisiyahan o kung may bagay na hindi tama. Ang pagrereklamo ay tutulong sa mga manggagawang pangkapansanan na gumawa ng positibong mga pagbabago sa kanilang trabaho at mga kagawian.

Ang pagrereklamo ay isang mahusay na paraan upang pabutihin ang mga serbisyo para sa lahat.

Mga uri ng reklamo?

Ikaw ay makakapagreklamo tungkol sa sinumang manggagawang pangkapansanan sa Victoria.

Maaari kang magreklamo tungkol sa:

- kalidad ng kanyang trabaho
- kaalaman, kasanayan o pagpapasya ng manggagawang pangkapansanan
- kakayahan niyang ligtas na magbigay ng mga serbisyo
- sinabing paglabag ng *Disability Service Safeguards Act 2018 (Vic)* o ng Disability Service Safeguards Code of Conduct.

Bisitahin ang vdwc.vic.gov.au
Tumawag sa 1800 497 132

Tumulong bumuo ng isang mas ligtas, mas matatag na pangkapansanang sektor



Kailangan ko bang ibigay ang aking mga personal na detalye?

Tinatanggap namin ang mga reklamong walang pangalan. Maaari mong hilinging panatiliing kumpidensyal ang iyong identidad. Upang magreklamo gamit ang aming online portal ay kailangang ibigay mo ang iyong unang pangalan lamang. Kung pipiliin mong manatiling walang pagkakakilanlan, maaaring malimitahan nito kung paano namin ipagpapatuloy ang iyong alalahanin, at ang potensyal na kalalabasan ng proseso ng pagrereklamo.

Kung pipiliin mong ibigay sa amin ang iyong mga detalye, kokolektahin, gagamitin, iimbakin at poprotektahan namin ang iyong personal na impormasyon ayon sa iniatas sa amin ng batas.

Paano magrereklamo?

Maaari kang magreklamo sa pamamagitan ng:

- Pagkumpleto ng online form sa vdwc.vic.gov.au
- Pagtawag sa amin sa 1800 497 132
- Pagsulat sa amin sa Level 20, 570 Bourke Street, Melbourne VIC 3000
- Pagkontak sa amin gamit ang National Relay Service, pati para sa mga interpreter ng Auslan:
<https://nrschat.nrsconnect.gov.au/nrs/internetrelay>, tawagan ang 1300 555 727 o mag-SMS sa 0423 677 767
- Maaari kaming mag-ayos ng mga interpreter ng wika
- Maaari kaming mag-ayos na makipagkita sa iyo nang harapan

Tungkol sa Komisyon ng Manggagawang Pangkapansanan ng Victoria

Ang Komisyon ng Manggagawang Pangkapansanan ng Victoria ay isang independiyenteng lupon na itinatag upang mas mabuting protektahan ang mga taong may kapansanan at makabuo ng mas matatag, mas ligtas na pangkapansanang sektor. Ito ay responsable para sa Disability Service Safeguards Code of Conduct, pagtatatag ng pinakamababang aasahan para sa lahat ng mga manggagawa sa Victoria na sumusuporta sa mga taong may kapansanan, at sa serbisyo ng pagrereklamo. Maaari itong tumanggap ng mga reklamo at notipikasyon, na may kapangyarihang imbestigahan at pagbawalan ang mga manggagawang maglalagay sa panganib sa kaligtasan ng mga tao.

Bisitahin ang aming website sa vdwc.vic.gov.au o tumawag sa 1800 497 132

Mag-sign up sa aming [newsletter](#)

Sundan kami



Bisitahin ang vdwc.vic.gov.au
Tumawag sa 1800 497 132